# Kabayaran Ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad)

## Ano Ang SSI?

Ang SSI ay nangangahulugang Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad). Ito ay isang programang pinatatakbo ng Social Security. Ang SSI ay nagbibigay ng mga buwanang kabayaran sa mga taong may edad na, bulag, may-kapansanan, mga taong may kaunti o walang kita at ari-arian.

Ang mga bata at ang mga taong may sapat na gulang ay makakukuha ng mga kabayaran dahil sa sila ay bulag o may kapansanan. Upang makakuha ng SSI, dapat ay may edad ka na, bulag o may-kapansanan:

- May edad na ang ibig sabihin ikaw ay animnaput limang taong gulang 65 o mas matanda pa rito.
- Bulag na ang ibig sabihin ikaw ay hindi na lubusang makakita o mahinang-mahina na ang iyong paningin.
- May-kapansanan na ang ibig sabihin ay mayroon kang pang-katawan o pang-kaisipang kondisyon na inaasahang mananatili man lang ng isang taon o magiging sanhi ng kamatayan. Ang iyong lokal na tanggapan ng Social Security ay maaaring makapag-bigay sa iyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga alituntunin tungkol sa kapansanan para sa mga taong may sapat na gulang at para na rin sa mga bata.

Kung tumatanggap kana ng SSI, karaniwan ay makakakuha ka ng food stamp at Medicaid. Ang Medicaid ay makakatulong sa pagbabayad ng mga singil ng doktor at ospital.

## Sarili mong gamit at kitang mayroon ka

Upang makakuha ng SSI, ang pansarili mong gamit at kitang mayroon ka ay dapat mas mababa sa mga siguradong halaga.

### Mga pag-aari mo

Hindi namin binibilang ang lahat ng mga pag-aari mo kapag nagpapasiya kami kung makakakuha ka ng SSI. Halimbawa, hindi kabilang ang iyong tinitirahan at ilan sa mga personal mong ari-arian. Karaniwan ay hindi namin isinasaalang-alang ang iyong sasakyan. Pag-aari na binibilang namin :

- Pera;
- Account mo sa banko, mga stock, U.S. Savings Bonds;
- Real estate;
- Life insurance (seguro sa buhay); at
- Personal na pag-aari.

Maaari kang makatanggap ng SSI kung ang iyong mga pag-aari na hindi namin binilang ay hindi hihigit sa:

- $2,000 para sa isang tao; at
- $3,000 para sa mag-asawa

### Kitang mayroon ka

Ang kita ay ang perang natatanggap mo tulad ng:

- Sahod sa pagtatrabaho (suweldo, kita mula sa sariling pagne-negosyo);
- Tseke ng Social Security;
- Pension;
- Kabayaran ng Workers' compensation (bayad-pinsala sa mga manggagawa);
- Interest, dividends, royalties at napanalunan;
- Kompensasyon ng walang trabaho; at
- Regalo (i.e. pera).

Kinita kabilang ang mga bagay na walang value na tinanggap mo gaya ng pagkain, kasuotan at kanlungan. Tatanggap ka pa rin ng SSI kung may kaunti kang kita.

## Iba pang kautusan na dapat mong malaman

Bago ka makakuha ng SSI, dapat ay nakatira ka sa Estados Unidos o sa Northern Mariana Islands at kailangang kasama ka sa isa sa mga sumusunod na grupo:

- Mamamayan ng Estados Unidos; o
- Maging nararapat sa kategorya na hindi ka mamamayan.

Sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kautusan para sa mga di-mamamayang nararapat sa SSI, kontakin lamang ang iyong lokal na tanggapan ng Social Security. Humingi ka ng kopya ng publikasyong *Supplemental Security Income (SSI) Para Sa Mga Di-mamamayan* (Publikasyon Blg. 05-11051-TL).

## Paano ka mag-a-apply ng SSI

Tawagan kami sa **1-800-772-1213** para maitalaga sa isang kinatawan ng Social Security na makaka-tulong sa iyong pag-a-apply, o bisitahin ang iyong lokal na Tanggapan ng Social Security. Ang mga magulang o

(kabila)

mga tagapag-alaga ay maaaring mag-apply sa mga batang bulag o may-kapansanan na wala pang 18 taong gulang.

## Ano ang dapat dalhin

Mayroon ka dapat ng mga sumusunod na bagay bago ka mag-apply. Kahit na wala ka ng lahat ng bagay na nakalista, mag-sign up ka pa rin. Ang mga tao sa tanggapan ng Social Security ay tutulong sa iyo na makuha ang anumang kinakailangan. Paki dala lang ang:

- Iyong Social Security kard o talaan ng iyong numero ng Social Security;
- Iyong katibayan ng kapanganakan o ibang katunayan ng iyong edad;
- Impormasyon tungkol sa tirahan mo, tulad ng iyong mortgage o iyong kasunduan sa pag-upa at ang pangalan ng kasero/kasera;
- Balik buwis o W-2 forms, mga katunayan ng suweldo, mga libreta ng bangko, insurance policies, rehistrasyon ng sasakyan, mga rekord ng pondong pampalibing at iba pang impormasyon tungkol sa iyong kinita at iyong mga pag-aari;
- Kung ikaw ay magsa-sign up dahil sa kapansanan, ang mga pangalan, mga address at mga telepono ng mga doktor, ospital at mga klinika kung saan ka pumunta; at
- Katunayan ng pagiging mamamayan ng Estados Unidos o katayuan kahit hindi ka mamamayan

Dapat mo ring dalahin ang iyong checkbook o ibang mga papeles na nagpapatunay ng iyong bangko, credit union o pinansiyal na institusyon para tuwiran naming maipa-deposito ang iyong mga kabayaran sa iyong account. Sa tuwirang deposito ng mga kabayaran, maiiwasan ang mawala, manakaw o maatraso sa koreo ang kabayaran. Ang pera ay laging nasa oras at magagamit kaagad nang hindi kinakailangang magpunta sa bangko. Ang mga tao lamang na walang account sa bangko ang tatanggap ng papel na tseke.

## Ang salita tungkol sa mga benepisyo ng Social Security

Nagbabayad din ang Social Security ng benepisyo sa pagre-retiro, sa mga nabalo, at benepisyo sa mga may kapansanan na nag-trabaho ng sapat na panahon sa ilalim ng Social Security. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyong ito, hilingin ang mga publikasyong *Benepisyo Sa Pagre-retiro At Sa Mga Nabalo* (Publikasyon Blg. 05-10700-TL) o *Mga Benepiso Para Sa May-kapansanan* (Publikasyon Blg. 05-10701-TL).

## Pagkontak sa Social Security

Para sa mga karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang aming mga publikasyon, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot naming ang mga specific mong katanungan at makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

**Kung kailangan mo ng interpreter** sa pag-aasikaso ng iyong Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kinakausap kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang salita mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10702-TL
Supplemental Security Income Payments (Tagalog)
January 2005